
# HANEP

Basahin Mo Ito!

ISSN-2546-0536

MAIL PERMIT NO. 2C-17-05-522
OFFICE OF ENTRY: BACOOR CITY, CAVITE
ENTERED AS 1ST CLASS

Taon 4 Blg.29 | Nobyembre 25-Disyembre 1, 2019 | P10.00


# "LIBRENG GUPIT KAY TOTOY" HANDOG NG CAVITE PROVINCE PUBLISHERS LEAGUE INC.

pahina 7





ACCEPTING ADS, PLEASE CALL : 0977-7844136/ 0929-8127638

# GEN. DANAO: SEGURIDAD SA SEA GAMES SA CALABARZON, KASADO NA

**KASADO na sa CALABARZON (Cavite Laguna Batangas Rizal Quezon) para sa pagdaraos ng 30th South East Asian (SEA) games sa Rehiyon.**

Sa Send-Off Ceremony na isinagawa sa Camp BGen Vicente Lim sa Calamba City, Laguna na dinaluhan ni Functional Area Director for Games Security and Safety –PHISGOC retired AFP Genral Gregorio Pio Catapang; sinabi ni Regional Director PRO4A PBGen Vicente Danao, Jr na plantsado na ang seguridad ng mga atleta, delegado at mga manonood sa darating na SEA Games.

Dagdag pa ni Danao, may kabuuang 7,899 na Security Forces and Resources ng taskforce Group Southern Luzon ang itatalaga para sa seguridad sa pagdadausan ng sporting event ng mga manlalaro sa CALABARZON.

Kabilang sa mga lugar na pagdarausan ng event sa CALABARZON ay sa Binan at Los Banos, kapwa sa Laguna; Calatagan sa Batangas at Imus City at Maragondon na parehong nasa Cavite.

Ang cycling event ay isasagawa sa Tagaytay City hanggang sa bayan ng Nasugbu, Tuy, Lemery, Agoncillo, Balayan, Lian, Talisay, Calaca at Laurel sa Batangas.

Magaganap ang SEA Games mula November 30 hanggang December 11, 2019 kung saan gaganapin sa 23 lungsod at munisipalidad na nahati sa 4 na Cluster kabilang ang CALABARZON na mayroong 9,840 na atleta na maglaban-laban sa 529 na events sa 56 na laro na maituturing na pinakamalaking sports competition na magaganap.

Pinapurihan naman ni Catapang si Danao sa maayos itong security preparations kung saan inatasan nito ang mga magbabantay para sa pagtupad ng kanilang tungkulin para sa seguridad ng mga atleta, delegado at mga manonood mula sa 11 participating countries .

Ipinagbabawal ang pagdadala ng armas sa Region 3, 4A, NCR at buong Lalawigan ng La Union sa kasalukuyan hanggang sa December 14, 2019 sa panahon ng laro para masiguro ang kaligtasan at seguridad ng mga participants. **GENE ADSUARA**

## Binatilyo, binitbit sa presinto ng 'di kunsintidor na ina

**BINITBIT** patungo sa presinto ang isang 17-anyos na binatilyo ng kanyang ina matapos itong ireklamo ng pagnanakaw ng tinatayang P4,000 cash ng kanilang kapitbahay sa Dasmarinas City, Cavite.

Hawak ng City Social Welfare Development (CSWD) ang suspek na si alias Roy, ng Bgy Salawag, Dasmarinas City, Cavite dahil sa reklamo ni Gloria Baylon, 61, negosyante, ng Blk-17 Lot-23 Phase 4, Golden City Dasma 1, Brgy Salawag, Dasmariñas City.

Sa ulat ni PMSgt Rolando Figueroa, ng Dasmarinas City Police Station, dakong ala-1:00 ng hapon nang napansin ng biktima na nawawala ang kanyang shoulder bag na naglalaman ng P4,000 cash at iba pang gamit na nakalagay lamang sa upuan ng kanilang bahay.


Nagsumbong ito sa kanilang barangay at pinanood ang CCTV ng kanilang kapitbahay kung saan nakita at nakilala ang pumasok at lumabas sa kanilang bahay dahilan kaya ipinaalam ito sa magulang ng bata.

Hindi naman kinunsinti ng ina ng binatilyo at isinuko ito kung saan isinauli ang shoulder bag ng biktima subalit halagang P1,770 na lamang ang naibalik.

Kasong Theft ang isinampa laban sa menor de edad na binatilyo. **GENE ADSUARA**



**HULI** sa ginawang buy bust operation ng Paranaque City Police PCP-5 Anti- Illegal Drugs si Erwin Adortante y Aregio, alyas "Boga" sa Cecom Side, B.F. Homes ng naturang lungsod. Nahulian ang suspek ng 7 pirasong sachet na shabu sa loob ng kanilang tahanan. Agad naman ginawa ang inventory ng mga nakumpiskang ebidensiya sa suspek na naaresto nina PSSG De Castro, PCPL Fabricante, PCPL Sagman at PAT ACCAD. **(JIMMY HAO)**



**SINAKSIHAN** ni fiscal ang pag-iimbentaryo sa mga nahuling ebidensiya na nakuha sa mga suspek na sina Jay-jay Canlas at Christopher Barrientos, matapos itong malaglag sa isinagawang buy-bust operation MPD Police Station-8 sa Ang Buhay St., Sta. Mesa, Maynila nitong Nobyembre 15, 2019. Narekober sa mga suspek ang mahigit kumulang 200-gramo ng hinihinalang shabu na nagkakahalaga ng mahigit kumulang sa P268.000.00 at kanilang ibabagsak sana sa ibang lugar sa nasabing lungsod. **(JEROME AMOROSO)**




## Nagsampa ng mga kaso dahil sa sulsol?

**IBA'T IBANG** kaso na isinampa subalit dahil sa kakulangan ng matibay na ebidensiya ay nabasura ang mga demanda sa piskalya.

Iisang tao ang naghabla ng mga kaso at may isa pang tao na nagsampa ng halos parehong demanda.

Dalawang tao na nagkaso gayunman ay hindi pumasa sa piskalya.

Dalawa... naalala ko tuloy ang dalawang kaso noon na inihabla sa piskalya.

Dalawang magkaibang tao rin bilang mga complainant para sa mga tambak na isinampang kaso.

Parehong nabasura sa magkahiwalay na piskalya ang mga kasong isinampa ng dalawang complainant para sa kani-kanilang mga demanda.

Ang masakit lamang, silang dalawang complainant kaya naghabla ay dahil sa pagsulsol sa kanila ng mga nakapaligid.

Ibig sabihin ay kapwa hindi nila alam ang tunay na kahulugan ng kanilang mga isinampang kaso bagkus ay nasulsulan at naturuan lamang.

Ang isa sa dalawang ito ay kaibigan at kumpareng buo ko po kaya nakakalungkot na siya ay nagpasulsol o nagpagamit sa mali.

Pagkasampa ng mga kaso sa piskalya dahil kaibigan at kumpare ko nga ay kinausap ko siya.

Hindi ako abogado pero kahit paano ay nakakaunawa tayo ng tungkol sa batas.

Bukod pa na kung talagang kinakailangan ay kumakalap tayo ng legal opinion sa mga tunay na abogado at hindi sa mga nag-aaboga-abogadohan lamang.

Pinagpaliwanagan ko siya subalit sadyang baluktot at sarado na ang kanyang isipan bunga ng mga maling sulsol.

Hinayaan ko na lamang siya at ibinigay ang kanyang karapatan para sa pagdedemanda.

Nang lumabas na ang desisyon ng piskalya at basura nga ang kaso ay pinatawad ko naman siya.

Kung tutuusin ay maaari ko siyang balikan sa pamamagitan ng pagsasampa ng kaso lalo at matibay ang ebidensiya ng kanyang mga pagsisinungaling sa demanda niya sa akin.

Ganoon din doon sa isa pang complainant na nakitaan ng abogado na puro kasinungalingan lamang ang mga isinampang kaso laban sa akin.

Kaya sabi ng abogado ay puwede siyang kasuhan at malaki ang posibilidad ng kanyang pagkakakulong bukod pa sa pagbabayad ng mga danyos.

Ang pagpapatawad ay makakayang maigawad subalit pakatandaan na mayroong ibang naniningil.

Tama ba Kojak?

## USAP LANG

JUNE BILLONES
0929-8127638

# Tiyakin ang seguridad ng mga anak

ANAK ng magaling na tinamaan ng lintek itong isang lalaki mula sa Roxas City.

Sukat ba namang ilang ulit ang ginawang panghahalay sa anak ng kanyang kinakasama.

Ang masakit ay 'bubot' pa lamang ang biktima dahil nasa onse anyos pa lamang.

Dahil kinakasama ang ina ng biktima kaya siya ay isa nang amain ng bata.

Ibig sabihin ay pangalawang ama na ng bata kaya dapat ay igabay niya ang biktima sa wasto at kabutihan.

Pero ang nakakagigil ay sa putikan inilublob ang bata ng walang kaluluwang amain nito.

Hindi pa mahahantad ang katotohanan kung walang napansing pagbabago ang lola ng biktima.

Napansin ng lola na may mga kakaibang kilos na ang apo bukod pa na palaging matamlay.

Masinsinan ang ginawang pag-uusap ng maglola at laking gulat ng matanda.

Umamin kasi ang bata sa kanyang lola hinggil sa paulit-ulit na panghahalay ng stepfather nito.

Ang biktima ay sa isang taong gulang pa lamang noon nang mamatay ang kanyang sariling ama.

Kaya naman ang bata ay lumaki sa kanyang lola hanggang ang ina nito ay muling nag-asawa.

Ganoon pa man ay nasa lola pa rin ang biktima pero may mga pagkakataon na hinihiram umano ng amain.

Sa murang gulang ng biktima ay hindi marahil aakalain ng matanda na gagawan ng kawalanghiyaan ng suspek ang kanyang apo.

Dinadala ng suspek sa kanilang poultry ang anak-anakan at doon nagaganap ang pang-aabuso.

Nadagdagan pa ang sobrang galit ng matanda hindi lamang sa suspek kundi maging sa ina ng bata.

Lintek din naman kasi ang nanay ng biktima dahil pinagtatakpan pa ang kawalanghiyaang ginagawa ng kinakasama nito sa kanyang anak.

Ibang klaseng nanay ka rin naman, mas matimbang pa sa iyo ang kinakasama mo kumpara sa iyong sariling dugo.

Bakit nga ba mayroong mga ganyang klase? Sabi ay dahil daw sa pag-ibig kaya nagiging bulag sa katotohanan.

Kaya saludo tayo sa mga babaing kapag nabiyuda o kahit nahiwalay sa asawa ay hindi na muli pang kumukuha ng panibagong lalaki sa halip ay tinututukan na lamang ang mga anak lalo at mga babae ang mga supling.

Pero hindi naman masamang muling umibig kaya nga lamang ay tiyakin ang seguridad ng inyong mga anak na babae sa kamay ng bagong asawa o kinakasama ninyo.




**PTCAO CAPACITATES LGUs ON TOURISM PLANNING AND DEVELOPMENT**

Local tourism and planning officers gathered for another capacity-building activity, entitled Local Tourism Development – Strategic Action Planning Workshop held on November 6-8, 2019 at The Bayleaf Hotel, City of Gen. Trias. The program is one of the initiatives of the Provincial Tourism and Cultural Affairs Office in partnership with the Department of Tourism on equipping every local government unit the appropriate foundation in formulating sustainable tourism development plans.

Provincial Planning Development Coordinator Mr. Jesus I. Barrrera, who gave the welcome remarks on behalf of Governor Jonvic Remulla took the opportunity to present the province's strategic direction which is anchored to the sustainable development goals. Mr. Barrera highlighted that the governor's ultimate objective is for the province to be the safest to live and invest with. The governor believed that in order to achieve economic growth, safety must come first and all others will follow.

Aside from safety, peace and order being discussed as priorities in the executive legislative agenda, concerns on traffic, water and solid waste management were also raised since these factors may affect the tourism industry. In addition, Mr. Barrera shared the strategic objectives under the thrust on tourism heritage, culture and the arts development that will contribute in the Seal of Good Local Governance compliance of the province.

Meanwhile, the three-day training to capacitate LGUs, specifically their tourism and planning officers, was facilitated by Mr. Ramon "Gold" Tiango Jr. from the Department of Tourism. Mr. Tiangco started off with various tourism trends, saying that there's really no stopping tourism. Planners must learn how to localize and adapt the method of data collection as to profiles and demographics of the market since the tourism industry continues to evolve.

As for the trends and value of identifying attainable and sustainable local development plan for tourism, Mr. Tiangco reminded everyone to also look back on the supply and demand, and consider impacts, to avoid over-tourism which may involve antagonized local community. Further, insights on tourism cluster strategy, circuit development, destination branding along with tourism resilience strategies guided the participants on their workshops. These focused on designing a development framework, formulating the tourism strategic action plan and integrating a DRR-CCA and accessibility action plan all supporting the success and completion of the Tourism Master Plan Framework of the province.

Consultation after plenary sessions paved way for the precise output of every LGU. Provincial Tourism Officer Rozelle Sangalang in her closing remarks expressed appreciation to DOT, the participants and the members of the academe from DLSU-Dasmariñas in reaching out to help the province finalize the local tourism development framework.

## EDITORYAL

### Maganda ang layunin

**SA ikatlo at huling pagbasa ng Kamara ay pumasa ang panukalang pagkakaroon ng Malasakit Centers sa lahat ng ospital na pinatatakbo ng Department of Health (DOH).**

**185 mambabatas ang pumabor sa House Bill 5477, isa ang tutol at pito ang nag-abstain sa botohang naganap sa plenaryo ng Kamara.**

**Ang DOH ang mamamahala sa Malasakit program batay sa isinasaad sa nasabing panukala.**

**Ang mga Malasakit Centers ay magsisilbing one-stop shop para sa publiko.**

**Makakahingi ang mahihirap ng tulong medikal at pinansyal sa mga Malasik Centers.**

**Sa Department of Social Welfare and Development, Philippine Charity Sweepstakes Office, at Office of the President kukunin ng DOH ang naturang tulong.**

**Maganda ang layunin kaya sana lamang ay hindi mangyayari ang pangamba ni Albay Rep. Edcel Lagman na magagamit umano bilang partisan tool ang mga Malasakit Centers.**

## ADVERTISING RATES

COMMERCIAL - - - - -P200/col.cm
LEGAL NOTICES - - - P160/col.cm

HANEP
Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS**
*Publisher/editor-in-chief*

Ang **'HANEP Basahin Mo Ito!'** ay inilalathala tuwing lunes sa HANEP Publication na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. Sebastian Kawit, Cavite
**Contact#:** 0977-7844136/ 09298127638
**Email:** ronejed@yahoo.com
haneppublication@yahoo.com

**PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication**

***Member: Publishers Association of the Philippines,Inc.*** papi

# CLEARING OPERATION, TULOY SA KAWIT

**PERSONAL na pinangunahan ni Mayor Angelo Emilio Aguinaldo, ng Kawit, Cavite, ang isinagawang clearing operation kamakailan.**

Isinagawa ang operasyon upang tanggalin ang mga sagabal sa mga pangunahing lansangan sa Kawit kasama rin ang tinatawag na secondary roads na natatayuan ng illegal structures.

Ito ay bunsod ng umano'y paghahanda sa inaasahang pagbubukas ng Sangley Airport at Philippine offshore gaming operator (POGO) hub sa kabila na patuloy ang konstruksiyon ng malalaking proyekto at iba pang development projects.

Nabatid na nasa finishing status ang Cavite-Laguna Expressway (CALAX) at inaasahan pa ang road project na mag-uugnay sa Kawit patungo sa Sangley Airport na magbubukas o silbing daan patungo sa iba pang lugar sa Metro Manila at Laguna.

Batid ng alkalde na ang mga ito ay nahaharap sa mas mabigat na daloy ng trapiko sa bayan.

Kabilang ang mga istraktura at outposts sa Zeus Intersection at iba pang secondary roads ang pinangasiwaan ni Mayor Aguinaldo sa pagtatanggal.

Napag-alaman na nasa sa 100,000 sasakyan ang dumaraan sa Cavite Expressway (CAVITEX) araw-araw at nang mabuksan ang bagong access roads ay umaabot na umano sa 190,000 behikulo ang dumadaan sa Kawit.

Ipinaliwanag ng alkalde na ang Bacoor City ay nagsisilbi o ginagamit lamang bilang entry point papasok ng Cavite mula sa Manila at nang simulan ng CAVITEX ang kanilang operasyon subalit dahil sa matinding trapik sa naturang lungsod ay pinipili ang Kawit bilang alternatibong ruta.

Ayon pa kay Mayor Aguinaldo, ang road-clearing operations ay naglalayong mabigyan ng mas malaki o malawak na espasyo ang mga kalsada at intersections bilang paghahanda umano sa mga proyekto para sa pagpapaunlad ng bayan.

Bukod sa Sangley Airport ay nariyan din ang pagpapatayo ng 70-hectare POGO hub sa Island Cove and Animal Island na nasasakupan ng Barangay Pulvorista.

Katuwang ng municipal government ang Association of Barangay Captains (ABC) sa pagtatanggal ng mga illegal terminal at ang paglilipatan o relokasyon ng illegal vendors na nasa mga pangunahing lansangan.

Matatandaang nanguna sa assessment ng Department of Interior and Local Government (DILG) at nakakuha ng high performance rating ang Kawit sa pamamagitan ng 98% na marka.

Bilang pagtalima ito ng Kawit sa direktiba ni Pangulong Rodrigo Duterte at sa ipinalabas na memorandum ng DILG hinggil sa kautusan para sa road clearing. **ROMY SANTOS**

# Cavite State U collabs with TUP for 'Project HECTOR'

**INDANG, Cavite** - The Technical teams, composed of officials and faculty, of Cavite State University (CvSU) and Technological University of the Philippines (TUP) joined forces for the development of a 2-year database management system in support of the country's transnational education (TNE) initiatives, shared a CvSU official on Tuesday.

Allan Robert C. Solis, CvSU Director for Public Affairs and Communications Office said the project, coined as Higher Education Cooperation Towards Transnational Education Open Resource (HECTOR) started Oct 1 this year.

Funded by the Commission on Higher Education (CHED), Project HECTOR is in line with CHED's broader initiatives to internationalise the Philippine higher education institutions (HEIs).

"It attempts to develop an open resource system for higher education institutions in the country providing transnational education (TNE) services in support of the TNE initiatives of CHED."

The project also intends to provide a descriptive analysis of the profile of TNE and an assessment of the current status and experiences of HEIs on TNE operation and implementation, Solis adds.

With support from the British Council (which aligned its current partnership with CHED on internationalization and TNE), a kick off activity was conducted to orient the Team on Internationalization of Higher Education (IHE) and TNE at the Holiday Inn Manila Galleria last August 1.

The training, spearheaded by Lotus Postrado and Aaron Joshua Macapagal of the British Council, had Kevin Van Cauter, British Council's Senior Adviser of Higher Education Partnerships and Transnational Education as resource. He selflessly shared his knowledge on IHE, TNE and related initiatives on TNE database management.

CvSU team is composed of Dr. Rhodora S. Crizaldo as the principal investigator, Dr. Bettina Joyce P. Ilagan, Profs. Marlon R. Pereña, Jason R. Maniacop and Alfredo A. Venzon as co-investigators. Profs. Simeon E. Daez, Allan Robert C. Solis, and Messrs. Bryan R. Ayos and Rodney B. Javier are the project support staff.

Meanwhile, Dr. Selfa J. Briones leads the TUP Team as collaborator, with Josephine B. Andong, Julius Delfin A. Silang, and Rommel Dalisay as project support staff.

The full implementation of the project, based on the proposed work plan will be focusing on four components, namely profiling of TNE providers and assessment of TNE status in the Philippines; development of HECTOR in the Philippines; capacity building on TNE for HEIs in the Philippines; and promotion and advocacy of TNE in the Philippines.

On August 28 this year, President Rodrigo Duterte signed Republic Act 11448, a law establishing and administering a transnational higher education in the Philippines.

Under the law, transnational higher education includes all modes of delivery of higher education study programs, including distance education and study-abroad programs, which involve education systems of another country different from the state the TNE operates.



**CaVSU, TUP TECHNICAL TEAM TRAINING** - To prepare for the 2-year database management system, the technical teams of Cavite State University and Technological University of the Philippines underwent training on Internationalization of Higher Education (IHE) and Transnational Education with British Council's Senior Adviser on Higher Kevin Van Cauter (seated, 3rd from left) at Holiday Inn Manila Galleria last August 1. The project, dubbed as "Project HECTOR" (Higher Education Cooperation towards Transnational Education Open Resource), is in support of the country's TNE initiatives. **(Photo provided by CvSU)**

# Imus city's own livelihood and training center to rise in 2020

**IMUS CITY, Cavite** - A new building, envisioned to house the city and youth's cooperative office, "pasalubong" (souvenir) center, and training facility is expected to rise next year after city officials, led by mayor Emmanuel Maliksi broke ground at the building's site in Poblacion 2-A here on Wed.

The Cooperative, Youth and Livelihood Center is a joint venture by the city government which provides for the budget for the three-storey building, and Father Art Monzon Balagat, the current Chair of the Imus Cooperative Federation (ICF) and Social Concerns Multipurpose Cooperative (SCMC).

From its original concept to just be an office for the ICF and a souvenir center where the province's one town-one product (OTOP) can be displayed and sold, city mayor Emmanuel Maliksi proposed to include the training facility.

"To capacitate the cooperative members and where we could also train trainors," he said.

Thus aside from just being a "pasalubong" center and cooperative office, it becomes a livelihood center, "mas malaki na," (its bigger) adds Maliksi.

The site, located near the heart of the city, is also accessible for its target publics and cooperative members need not travel far to avail of the latest training.

The construction of the project will be divided into 2 phases, the initial phase will involve the construction of its initial 2-storey.

For his part, Balagat reiterates his willingness to lease the space for free for 25 years, "renewable pa." (and its renewable)

His only proposal is to include a floor to provide shelter for the youth.

The project is a testament to Maliksi's staunch support for the cooperative movement.




**GRAND CHAMPION!** Nagwagi ang retired seaman na si Elmer B. Fernandez ng House and Lot mula sa Lessandra ng Camella sa 9th OFW and Family Summit na inisponsor ng Villar Family sa pamamagitan ng foundation nitong Villar SIPAG. Pinasalamatan ni Fernandez si Sen. Cynthia Villar at dating Senate President Manny Villar, sa taunang summit na tumutulong sa OFWs para maging magaling sa paghawak ng kanilang mga kinita sa pagtratrabaho sa ibang bansa. Ayon kay Fernandez, 62, nagulat siya nang tawagin ang kanyang pangalan na grand prize winner. Masayang nagpakuha ng larawan si Fernandez at kanyang pamilya kasama sina Sen. Villar, dating SP Villar, Las Pinas Rep. Camille Villar at Vista Landholding President and CEO Paolo Villar. Mahigit 7,000 OFWs at kanilang beneficiaries ang dumalo sa summit na idinaos sa World Trade Center sa Pasay City. **(Daniel Bacolod)**

# PANGINGITLOG NG PAWIKAN, SENYALES NG MALINIS NA DAGAT SA NOVELETA

**ISANG senyales na pagpapatunay na ang karagatang nasasakupan ng Noveleta, Cavite ay sadyang malinis na.**

Ito ay matapos ang pangingitlog o panganganak ng isang pawikan kamakailan. Nakunan ng video at nasaksihan ng mga residente ang aktuwal na pagluluwal ng pawikan ng kanyang mga inakay o itlog sa Long Beach, San Rafael, Noveleta.

Pinaniniwalaang ang mga endanger animal (species) ay dumarayo at namamalagi lamang umano sa malinis na karagatan.

Dahil malinis na ang Long Beach kaya sinasabing nanatili ito roon ang pawikan.

Kaagad namang binigyan ng kaukulang proteksiyon ang napakaraming iniluwal na itlog.

Sinusulat ito ay may mga hakbang na ang masipag at butihing Mayor Dino Reyes Chua para sa kapakanan ng pawikan at sa mga itlog nito. **RS**

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
FOURTH JUDICIAL REGION
FAMILY COURT
Branch 5, Trece martires City
fcbr5tmc@gmail.com
09398673601

**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**
Mortgagee,

-versus-

**FORECLOSURE CASE NO. F-159-19**

**ZENAIDA M. SORIAO,**
Mortgagor/s,
- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by Mortgagee, HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND, with business address at 12th Floor, JELP Business Solution Center, No. 409 Shaw Boulevard, Mandaluyong City, against the Mortgagor **ZENAIDA M. SORIAO**, single, of legal age, Filipino citizen with residence and postal address at 1.) 1st , Silurico Compound, Sucat, Parañaque City; and 2.) Lot 17, Block 41, Phase 3, Carissa Homes, Bagtas, Tanza, Cavite to satisfy the mortgage indebtedness which as of April 25, 2019 amounts to **ONE MILLION SEVENTY THOUSAND THREE HUNDRED EIGHT PESOS AND 42/100 (P 1,070,308.42),** Philippine Currency, including interest, penalties, and other charges as of said date but exclusive of all the other expenses incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff will sell at public auction on **January 16, 2020** at 10:00 o'clock in the morning at the main entrance of the Government Center Building, located at the Provincial Capitol Compound, Trece Martires City, to the highest bidder, for CASH and in Philippine Currency, the following described property with all the improvements thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. T-694634**

**Lot No. 17 Block: 41 Plan No. PCS-04-011074**

"A Parcel of Land (Lot 17, Block 41, of the consolidation-subdivision Plan, PCS-04-011074, being a portion of cons. of Lots 2053-A-1-8, PSD-04-084775, & Lot 2052-B-2, PSD-04-084774, LRC Rec. No )

**LOCATION:** BARANGAY OF BAGTAS, MUNICIPALITY OF TANZA, PROVINCE OF CAVITE, ISLAND OF LUZON

**BOUNDARIES:**

| LINE | DIRECTION | ADJOINING LOT(S) |
|---|---|---|
| 1-2 | NE | LOT 18, BLOCK 41, |
| 2-3 | SE | LOT 19, BLOCK 41, |
| 3-4 | SW | ROAD LOT 3, |
| 4-1 | NW | LOT 15, BLOCK 41 |

**AREA:** THIRTY FIVE SQUARE METERS (35), MORE OR LESS

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date and time, it shall be held on **Janauary 23, 2020** without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property/ies and encumbrance thereon if any there be.

Trece Martires City, **November 21, 2019**

**ANDRES B. ESPINA**
Sheriff IV

COPY FURNISHED:
**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**
12th Floor, JELP Business Solution Center
No. 409 Shaw Boulevard, Mandaluyong City

**ZENAIDA M. SORIAO**
1st, Silurico Compound, Sucat, Parañaque City
Lot 17, Block 41, Phase 3, Carissa Homes, Bagtas, Tanza, Cavite

**WARNING:** It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this Notice of Extra-Judicial Sale on or before the date of sale

Publication: **HANEP** November 25, December 2 and 9, 2019

## DOH: CALABARZON with high prevalence of lifestyle diseases

CALAMBA CITY, Laguna (PIA) –Department of Health (DOH) CALABARZON (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon) Regional Director Eduardo C. Janairo said CALABARZON is among the regions with high incidence of lifestyle diseases.

"Among these lifestyle diseases, diabetes is listed with the highest incidence, followed by cancer, renal diseases and hypertension which are related to unhealthy eating habits," Janairo added.

As part of its effort to curb the growing number of lifestyle diseases in the region, DOH-CALABARZON spearheaded a four-day training on "Nutrition Care Process (NCP)" for Registered Nutritionists-Dieticians (RNDs) of various government health facilities last November 12-15, 2019 at Ciudad Christhia Resort in San Mateo, Rizal.

"The NCP is a systematic and effective way in providing high-quality nutrition care, it customizes an individual's care, considers a patient's needs and benefits using evidence-based decisions. The use of the NCP leads to more effective and efficient nutrition care, nutrition research and greater recognition of the role of nutritionists-dietitians in the primary health care," according to Janairo.

Given that RNDs are the gatekeepers of nutrition at the local level, Janairo said, "It is important that they have the knowledge and skills to address the growing burden of lifestyle related diseases such as the evidence-based screening tools for diet assessment, how to consider nutrition and weight and most important is providing a dietetic referral and ensure that patients are receiving appropriate preventive care for optimum nutrition care."

Republic Act No.10862 or the Nutrition and Dietetics Law of 2016 was enacted to regulate and standardize the practice of nutrition and dietetics in the Philippines, with a provision on Medical Nutrition Therapy (MNT) througl1the application of Nutrition Care Process (NCP) for purposes of disease prevention, treatment, and management.

The NCP includes nutrition assessment, nutrition diagnosis, nutrition intervention and nutrition monitoring and evaluation.

According to Dr. Marilou R. Espiritu, Regional Non-Communicable Disease Cluster Head, healthy diet is still the key in preventing lifestyle diseases. "It is best to start practicing healthy lifestyle at an early age. As parents, we can teach our children the importance of proper nutrition and healthy eating habits during their growing years so that they can practice it throughout their lives."

She emphasized that DOH CALABARZON regional office will conduct two more batches to cover the target of 150 registered nutritionists-dieticians of the region to have a better understanding about the effectiveness of nutrition care and to identify ways to enhance success of future nutrition interventions. **(DOH CALABARZON/PIA-4A)**

## 2 'rapist' tiklo

**ARESTADO** ng Cavite police ang dalawang rapist, isa rito ay 17 counts, sa kanilang pinagtataguang bahay sa bisa ng warrant of arrest sa magkahiwalay na lugar sa Cavite.

Kinilala ni Cavite Provincial Police Director PCol. Marlon Santos ang mga naarestong suspeek na sina Ramil Campado, 45, may-asawa, driver, ng P. Burgos St., Kanluran, Rosario; at Zoren Cordero, 24, ng , Anahaw, Silang.

Si Campado ay naaresto ng pinagsanib na puwersa ng Rosario MPS at Siruma MPS dakong alas-9:20 ng gabi sa loob ng kanyang bahay sa bisa ng warrant of arrest sa kasong 17 counts of Rape sa sala ni Presidiing Judge Pedro M. Redona ng Regional Trail Court Branch 63 sa Calabanga, Camarines Sur noong September 4, 2013 at walang piyansang inirekomenda.

Si Campado ay tinaguriang No. 2 Most Wanted Person sa Rosario Police Station habang Ranked No. 7 naman sa Siruma Police Station sa Camarines Sur.

Samantala, si Cordeo ay No. 5 sa Most Wanted Person at No. 8 Manhaunt Charlie sa Silang Police Station bago ito naaresto dakong alas-10:00 ng umaga sa loob ng kanilang bahay sa bisa ng warrant of arrest sa kasong Statury Rape na inisyu ni Honorable Judge Raquel V Aspiras-Sanchez of Family Court Branch 3, Tagaytay City, Cavite at wala ring inirekomendang piyansa.

Ang dalawa ay kasalukuyang nakakulong sa Rosario at Silang Cavite bago ito i-turn over sa court of origin. **GENE ADSUARA**

## P194K shabu, nasabat

**TINATAYANG** mahigit sa P194K halaga ng shabu ang nasabat at pagkakaaresto ng 29 na mga adik sa isinagawang magdamagang buy bust operation sa magkakahiwalay na lugar sa Cavite.

Sa ulat ng Cavite Police Provincial Police Office (CPPO), nanguna ang Kawit sa may pinakamataas na bilang ng naaresto na may 5; kasunod ang Imus City (4); habang tig-3 naman sa Bacoor City; tig 2 naman sa Kawit at Gen. Trias City at tig-1 sa Tagaytay City at Dasmarinas City.

Ang nasabing operasyon ng pinagsamang puwersa ng Cavite police at PDEA PRO4A ay isinagawa sa loob ng 24-oras kung saan umabot sa P194,700 halaga ng shabu ang nasabat.

Ang mga naarestong suspek ay sinampahan na ng kasong paglabag sa RA 9165 at kasalukuyang nakakulong sa Cavite Custodial Center. **GENE ADSUARA**

## ERRATUM

**NOTICE** is hereby given that the notice of extra judicial sale re HDMF vs **JULIET B. JUMALON** for herself as Atty.-in-Fact of her husband AUGOSTO C. JUMALON, under F.C. CASE NO.16846-19 was erroneously published in this newspaper "HANEP", dated October 14, 21 and 28, 2019, as **"Blk.9, Lot 8** Holy Infant Jesus Subd" must read as **Blk.8, Lot 9** Holy Infant Jesus Subd which was the correct entry. Also "L.R.C. **REV. NO**. 8843" must read as L.R.C. **REC. NO**. 8843 and "ALONG LINE 4-1 BY ROAD LOT 5**(5.60** METERS WIDE)" must read as ALONG LINE 4-1 BY ROAD LOT 5(**6.50** METERS WIDE) which was the correct entry.

**HANEP***:* November 25, 2019

# Tinapos ni Letran ang pangarap ng San Beda sa NCAA Season 95

**Nagbigay si Letran ng isa pang paalala na hindi tungkol sa kung paano ka magsisimulang malakas ngunit upang tapusin ang malakas.**

Lubusang nasira ng Knights ang pangarap na pagtakbo ng San Beda Red Lions sa NCAA men basketball tournament matapos ang pagsulat sa kampeonato na may 81-79 na panalo sa pangwakas na laro ng best-of-three finals sa Mall of Asia Arena sa Pasay.

Si Letran ay talagang naglalagay ng malakas na pagtatapos sa bawat quarter.

Trailing, 12-19, sa kalagitnaan ng unang quarter, natapos ng Knights ang tagal sa 14-5 run upang umakyat ng 26-24 lead.

Matapos magpatuloy ang Red Lions sa isang 9-0 run upang pilitin ang isang 37-all tie sa ikalawang panahon, isinara ng Knights ang frame sa isang 7-1 run upang umakyat, 44-38, sa halftime.

Si Letran ay nagpunta sa isang breakaway huli sa ikatlo, na nakapuntos ng pitong walang sagot na puntos kahit na natalo si Christian Balagasay dahil sa limang fouls upang buksan ang pinakamalaking namumuno sa 13, 69-56.

Gayunpaman, ang San Beda ay nagpunta sa isang 14-2 run upang dumating sa loob ng tatlo, 70-71, upang simulan ang ika-apat.

Ang Knights ay hindi bumagsak nang walang laban habang pinatumba ni Evan Nelle ang back-to-back triple kasama ang isa mula sa paraan, na pinutol ang lead ni Letran, 81-79, na natitira ng 11.5 segundo.

Nakuha ng Red Lions ang huling pag-aari matapos na pinilit ni Calvin Oftana ang isang jump ball laban kay Fran Yu na may 5.4 segundo upang pumunta ngunit ang dapat na laro na nanalo ng three-point na si Nelle ay bahagyang naharang habang nag-expire ang oras.

Ang nagtapos na wing-man na si Jerrick Balanza ay naglagay ng 27 puntos, pitong rebound, at tatlong assist para kay Letran, na sumali sa ika-18 na kampeonato sa liga.

Nagdagdag si Bonbon Batiller ng 19 puntos, limang rebound, tatlong assist, at dalawang pagnanakaw.

Si Francis Yu, na nag-alis para sa bagong nakoronahan na kampeon sa unang dalawang laro, mayroon lamang walong mga marker sa Game 3, ngunit mayroon din siyang limang board, pitong dimes, at tatlong swipe, sapat para sa kanya na pinangalanang Pinakamahalagang Player ng ang serye.

Naglagay si Donald Tankoua ng 22 puntos, pitong rebound, at isang tulong para sa San Beda, na nabigo na manalo sa titulo sa kabila ng 18-0 na pagwalis sa mga pagtanggal.



**2019 NCAA** - NATAMO ng Letran ang kampeonato kontra San Beda sa huling bakbakan nila sa 2019 NCAA Season 95 na ginanap kamakailan MOA Arena, Pasay City.



**CHESS** - SINULONG ni IM International Master Daniel Quezon ang kanyang piyesa tungo sa katunggaling si Grandmaster Eugene Torre kaugnay ito sa opening ceremony para sa 2019 National Chess Championship Battle of the Grandmasters sa PACE Project 6. Quezon City kasama ang mga manlalaro at ang opisyal na tournament Director GM Jayson Gonzales at Chief Arbiter IA Elias Lao Jr. **(RGN)**

**HANEP SPORTS**

Sports Editor: RGN

Email Add: hanepsports2017@gmail.com

# Ang mga gymnast Filipina ay nag-strike ng ginto sa Hungary


Dalawang batang babaeng gymnast mula sa Pilipinas ang nakakuha ng gintong medalya sa panahon ng Magic Cup Rhythmic Gymnastics meet sa Hungary kamakailan.

Sina Breanna Labadan at Daniela dela Pisa ang nanguna sa kani-kanilang mga kaganapan upang mabigyan ang pamayanang gymnastics ng Pilipinas ng isa pang dahilan upang ipagdiwang.

Ang 13-taong-gulang na si Labadan ay nagwagi ng ginto sa junior individual all-around event, habang ang 16-taong-gulang na si dela Pisa ang namuno sa senior individual all-around kategorya.

Si Dela Pisa, ang anak na babae ng dating college basketball star na si Randy at gymnastics coach Darlene, ay nakatakdang lumahok sa Southeast Asian Games ngayong taon.

Ang kanyang panalo sa Hungary ay nagbigay sa kanya ng magagandang tsansang medalya ng ginto sa pagho-host ng bansa ng biennial meet mula Nobyembre 30 hanggang Disyembre 11 sa taong ito.




**PBA** - TODO na ito ang pagpapakawala sa bola ni Meralco point guard KJ Quinto habang mainit naman sa bantay ni Gabe Norwood ng Rain or Shine sa maaksyong tagpo nila ng 2019 PBA Governors Cup sa Araneta Coliseum. **( RGN)**

# “LIBRENG GUPIT KAY TOTOY’ HANDOG NG CAVITE PROVINCE PUBLISHERS LEAGUE INC.

**NAIRAOS ng Cavite Province Publishers League Inc. (CPPLI) ang isa nitong proyekto kamakailan.**

Ito ay ang “Libreng Gupit Kay Totoy, Handog ng CPPLI” na ginanap nitong Nobyembre 23 sa covered court ng Sunnydale Subdivision sa Barangay Bucandala 5, Imus City, Cavite.

Bago sumalang sa libreng gupitan ay naghandog muna ang pamunuan ng CPPLI ng munting almusal para sa mga bata.

Ang naturang programa ay batay sa inisyatibo ni CPPLI President Romeo Santos.

Aniya, hindi magiging matagumpay ang ano mang programa kung wala ang kooperasyon ng buong samahan.

Ang CPPLI ay samahan ng ilan sa mga publisher na nakabase sa Cavite na hindi lamang sa larangan ng patas na pamamahayag nakasentro ang misyon kundi maging ang paghahangad ng pagbibigay na kahit na maliit na tulong o serbisyo sa pamamagitan ng ganitong programa.

Nagpasalamat ang CPPLI kay Chairman Rodolfo Montalan at sa mga bumubuo ng Barangay Bucandala 5 at ganoon din sa Sunnydale Homeowners Association sa ipinakitang suporta sa programa ng samahan.

